

Manwal ng Halalan

Pang bayang halalaan sa ika
6 at 7 ng nobyembre 2021

Pagsasalin sa kagandahang-loob

Layunin ng halalang pambayan sa ika
6 at 7 ng nobyembre 2021 na punan
ang mga posisyon ng alkade ng
lungsod at mga bayan pati na rin ang
mga konsehal ng lungsod.

Ang **103 katao** na ihahalal sa halalan
ay kumakatawan sa iyo **hanggang
2025**. Ang iyong pagboto ay
makakatulong sa pag hubog ng
lungsod.

Para bumoto, ang mga botante ay
dapat nakarehistro sa listahan ng
botanteng pang munisipal.



Sino ang pwedeng bumoto sa isang halalang pang bayan?

Upang bumoto, ang mga botante ay kailangang nakalista sa listahan ng botante, ay 18 taong gulang o higit pa sa ika-7 ng nobyembre at punan ang sumusunod na kondisyon sa ika-1 ng setyembre:

- Isang **mamamayan** ng Canada;
- Hindi nasasailalim sa pangagalaga;
- Maging:
 - Nanunuluyan sa Montréal at naninirahan sa Québec nang hindi bababa sa 6 na buwan;
 - May-ari ng isang gusali o okupante nga isang establesimentong pang negosyo sa Montréal mula pa sa masbababa ng 12 na buwan.

Paano ko malalaman kung ako ay nakarehistro para bumoto?

Kunsultahin ang nakalakip na **Paunawa ng pagpaparehistro** sa manuwal na ito. Kung ang iyong pangalan ay lilitaw doon, ikaw ay naka rehistro.

Maaari mo ring **kumpirmahin ang iyong pagpaparehistro** sa pamamagitan ng pag-punta sa elections.montreal.ca. Upang bumoto, ang iyong pangalan ay kailangang lumitaw sa listahan ng botanteng pang municipal.



Ano ang dapat kong gawin upang magrehistro sa listahan ng botanteng pang municipal o kung napansin ko ang mga pagkakamali sa **Abiso ng pagpaparehistro (Avis d'inscription)**?

lulat sa isa sa **komisyon ng rebisyon** na iyong pinili sa pagitan ng **ika-12 at 18 ng Oktubre 2021**. Ang listahan ng mga komisyon ng rebisyon (*commission de révision*) ay kasama sa dokumento mong natanggap.

Pagkatapos ng ika-18 ng Oktubre 2021, hindi na maaring magparehistro para bumoto.

Ako ay isang taong nakatira sa Montreal at hindi ako makapaglakbay para sa mga kadahilanang pangkalusugan. Paano ako makapagpaparehistro?

Bisitahin ang elections.montreal.ca at ilimbag ang talaan ng Paghiling para sa *rebisyon ng listahan ng mga botante (Demande de révision à la liste électorale)*. Kumpletuhin ang talaan na ito at ibalik ito kasama ang isangkopya ng mga sumusuportang dokumento. Ang iyong talaan ay kinakailangang matanggap ng hindi hihigit sa ika-18 ng Oktubre 2021. Isaalang-alang ang pagkaantala ng serbisyong postal.

Ako'y nakatira sa isang pribadong tirahan para sa matatanda, isang sentrong tirahan, isang sentrong tirahan ng pagtanggap o iba pang karapat- dapat na institusyon. Paano ako makapagpaparehistro?

Bisitahin ang elections.montreal.ca upang malaman ang **listahan ng karapat- dapat na institusyon** at i-download ang pormula ng Paghiling para sa *rebisyon ng listahan ng mga botante (Demande de révision à la liste électorale)*. Ilimbag at kumpletuhin itong talaan na ito. At ibalik ito kasama ang isang kopya ng mga dokumentong sumusuporta o isang sertipiko mula sa empleyado ng iyong institusyon. Ang iyong talaan ay kinakailangang matanggap **ng hindi hihigit sa ika-18 ng Oktubre 2021**. Isaalang-alang ang pagkaantala ng **serbisyong postal**.

Maaari ka ring magtungo sa isa sa mga komisyon ng rebisyon sa pagitan ng ika-12 at 18 ng Oktubre 2021. Ang isang asawa o magulang ay maaaring magsumite ng isang kahilingan para sa iyo.



Kailan ako pwede bumoto?

Magkakaroon ng dalawang buong katapusan ng linggo kung saan maari kang bumoto.

Magaganap ang maagang pagpupulong sa **Sabado ika-30 ng Oktubre at Linggo ika-31 ng Oktubre 2021** mula 9:30 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

Ang eleksyon ay magsisimula sa **sabado ika-6 at ika-7 ng Nobyembre 2021** 9:30 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi.

Saan ako boboto?

Kunsultahin ang 'Saan ako boboto' (*Où vais-je voter?*) sa elections.montreal.ca. Mahahanap mo ang address ng iyong lugar ng botohan sa ilang pag-klik.

Ipapadala rin ang isang *Kard ng pagpapaalala* sa mga rehistradong botante ilang araw bago ang pagdaraos ng maagang pagpupulong.



Hindi ako makakapaglakbay sa mga kadahilanang pangkalusugan, o ako ay isang malapit na tagapag-alaga sa isang botante na hindi marunong maglakbay. Paano ako makakaboto?

Inaalok ang **pagboto gamit ang koreo** sa mga botante na **hindi makakapaglakbay para sa kadahilanang pangkalusugan**, gayun din sa kanilang tagapag-alaga ng pamilya (nakatira sa parehong address).

Upang **humiling** ng pagboto gamit ang koreo, kumpletuhin ang talaan na ibinibigay para dito sa elections.montreal.ca o tumawag sa 514-872-VOTE (8683). Ang paghiling ng pagboto gamit ang koreo ay kinakailangang magawa sa **nang hindi hihigit sa ika-27 ng Oktubre 2021**.

Ako'y nakatira sa isang pribadong tirahan para sa matatanda, isang sentrong tirahan, isang sentrong tirahan ng pagtanggap o iba pang karapat- dapapat na institusyon. Paano ako makaka-boto?

Maari kang **bumoto gamit ang koreo sa pamamagitan ng paghiling nito nang hindi lalagpas sa ika-27 ng Oktubre 2021**. Ang pagboto sa pamamagitan koreo ay pumapalit sa istasyon ng botohan.

Maaari mong ring piliing bumoto nang personal sa lugar na nakalagay sa iyong **Kard ng pagpapaalala** na ipinadala bago ang advance poll.

Makakaapekto ba ang COVID-19 sa aking karapatang bumoto?

Ang mga **panukalang pangkalinisan** na inirekomenda ng kalusugan ng publiko ay ilalapat sa mga lugar ng botohan. Maaari kang **bumoto nang ligtas** doon. Kung dapat mong ihiwalay ang iyong sarili dahil sa COVID-19, maaari kang **humiling na bumoto sa pamamagitan ng koreo mula Oktubre 17 hanggang 27, 2021**. Maaari kang humiling sa pamamagitan ng pagkumpleto ng talaan sa elections.montreal.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 514 872-VOTE (8683).

Ang mga taong nakahiwalay dahil sa COVID-19 na nais na pumunta sa isang **komisyon ng rebisyon** ay dapat magsumite ng isang **kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat**. Ang deadline para sa pagtanggap ng mga kahilingan para sa rebisyon ay sa ika-18 ng Oktubre 2021 ng 7:00 ng gabi.

Sino ang maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo?

Ang **pagboto sa koreo** ay isang **bagong bagay** na inilaan para sa mga botante na:

- nananatili sa isang **tirahan** para sa mga matatanda sa Montréal;
- Hindi **makakapaglakbay** o ang isang **tagapangalaga** ng isang botante na nakatira sa parehong address ng Montreal;
- Ay **nakahiwalay** dahil sa COVID-19.



Paano ako maghahanda upang bumoto?

Ang listahan ng mga kandidato sa iyong distrito ng elektoral ay makikita sa elections.montreal.ca. Sa mga lugar ng botohan, ang pagsusuot ng 'mask' o takip sa mukha ay kinakailangan. Kakailanganin mong alisinng mabilisan ang iyong pantakip sa muha upang ikaw ay makilala.

Upang bumoto, kakailanganin mo:

- **mask** o pantakip sa mukha;
- isang itim o asul na panulat o isang lapis;
- ang iyong card ng segurong pangkalusugan, lisensya sa pagmamaneho, pasaporte ng Canada, sertipiko ng katayuan sa Indian o kard ng Armed Forces ng Canada.

Ang mga lokasyon ng pagboto ay **unibersal na ma-access**. Makipag- ugnayan sa amin upang malaman ang tungkol sa mga hakbang upang mapadali ang paggamit ng iyong karapatang bumoto.



Nais kong magtrabaho sa halalan ng munisipal. Anong gagawin ko?

Maraming **posisyon ang kailangan** sa ika-30 at 31 ng Oktubre pati na rin sa ika-6 at 7 ng Nobyembre.

Kumpletuhin ang talaan sa **online na aplikasyon**.

Sa partikular, ikaw ay dapat 16 taong gulang o higit pa, mayroong isang numero ng segurong panlipunan at may access sa isang wastong email address.

MAKIPAG UGNAYAN SA AMIN

 514 872-VOTE (8683)

 elections.montreal.ca

 elections@montreal.ca

 sa isa sa 25 na punto ng serbisyo ng eleksyon Montreal

SUNDAN KAMI

